Te Haumako; Te Whitingia

# Istratehiya sa Sama-samang Pagpapalakas ng mga Komunidad

Pangkalahatang kasulatan



Christchurch City Council

# Whiria ngā whenu o ngā papa, honoa ki te maurua tāukiuki

# Bigkisin ang mga hibla ng bawat banig at pagtugtungin ang mga tahi ng paggalang at pagdadamayan

Ang whakatauki ay ang kabuuan ng aming pangako sa isa't isa ng Ngāi Tahu Papatipu Rūnanga para sa magkatuwang na pamamahala batay sa pagkakaunawaan at paggalang. Ang tambalang ito ay ang dahilan na magpunyagi kami ng sama-sama upang mapabuti ang panlipunan, pang-ekonomiya, pangkapaligiran at kultural na kapakanan ng lahat batay sa aming pangako sa Te Tiriti o Waitangi bilang balangkas para sa lahat.

# Ano ang Te Haumako; Te Whitingia Istratehiya sa Sama-samang Pagpapalakas ng mga Komunidad?

**Ito ang aming pangako na ipagpatuloy na tumulong sa pagbuo ng isang malusog, masaya at matatag na Christchurch at Banks Peninsula.**

Ang ating lungsod ay nagbago na mula pa ng unang Istratehiya sa Pagpapalakas ng mga Komunidad nuong 2007. Bilang isang lungsod, marami na tayong hinarap na mga hamon subalit ang mga ito rin ay nagparingas ng pag kamalikhain, pagbabago at sama-samang pagkilos.

Pinangalanang Te Haumako; Te Whitingia Istratehiya sa Sama-samang Pagpapalakas ng mga Komunidad, layunin ng pinasiglang istratehiya na tugunan ang mga pangangailangan at adhikain ng komunidad ngayon at maging sa hinaharap.

## Bakit kailangan ng bagong istratehiya?

Nang aming tiningnan ang 2007 istratehiyang magpapalakas sa mga komunidad, malinaw na pinapahalagahan ng mga tao ang pagkakaiba-iba, pagtutulungan, pagkaka-ugnay at kapasidad sa pagbuo para sa kinabukasan.

Hindi namin matutugunang mag-isa ang maraming kumplikadong isyung panlipunan ng ating lungsod, subalit makatutulong kaming bumuo at pagyamanin ang mga network at likumin ng sama-sama ang yaman at mga tao ng sa gayon ay mas maraming magawa.

Alam namin na nais ng mga komunidad na tutukan ang mga layunin at mga resulta, at bigyan diin ang pagtutulungan at tambalan. Nais nila ng mga layunin at aksyon na maaaring sukatin upang malaman kung ano ang gumagana at kung ano ang hindi.


Naniniwala kami na ang bagong istrahiya ang magsasagawa nito.

## Ano ang meron sa istratehiya?

Bumuo kami ng istratehiya sa paligid ng apat na haligi na nagtatakda sa aming pangako na gumawa kaagapay ang komunidad sa loob ng sampung taon.



# Te Haumako; Te Whitingia
# **Pagyamanin; Patanyagin**



# Te Whakakitenga **Ang aming pananaw**

## Aktibo at konektadong mga komunidad na nagmamay-ari ng kanilang kinabukasan

### Ngā Mātāpono
### Mga Prinsipyo at mga pinapahalagahan

- Ang Te Tiriti o Waitangi ay ang nagtatag na dokumento ng New Zealand
- Ang aming gawain ay nagsasaalang-alang ng mga susunod na henerasyon
- Hindi kami kumikilos mag-isa – hangad namin ang tambalang pamamaraan
- Ang aming mga relasyon ay nagtutulungan, pinagkakatiwalaan at matatag
- Nangangako kami ng mga malawakang saklaw ng paggawa sa buong Konseho
- Kami ay nagtataguyod at sumusuporta sa mga tugon sa kawalan ng hustisya at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan
- Ang oras, kaalaman at kasanayan ng mga tao ay pinapahalagahan



### Ang aming pangunahing priyoridad sa loob ng limang taon

Aming natukoy ang mga sumusunod na priyoridad na mahalaga sa mga komunidad ayon sa kanilang sinabi sa amin.

Bilang resulta ay gagawin namin na:

- Magtrabaho para mas maunawaan at tumugon sa mga hadlang sa mga tao na ganap na lumahok sa kanilang komunidad at  mga serbisyo ng Konseho.
- Pagbutihin ang pagkuha ng mapagtitiwalaan at angkop na datos, magtakda ng malinaw na layunin at makipagtambalan sa mga komunidad at iba pa para makatiyak sa mas patas at mga pagkakataon makakasama ang lahat.
- Pagbutihin ang kaligtasan ng komunidad, lalo na sa gitnang lungsod pagsapit ng dilim.
- Hikayatin ang mga gawaing pang-komunidad na magdadagdag ng pagboboluntaryo sa lokal na kapitbahayan, susuporta sa pagpapagana ng mga publikong pook at mga lugar upang maragdagan ang pagkakasama-sama at ang pagiging kabilang.
- Tiyakin na ang mga priyoridad ng komunidad, mga pinapahalagahan, mithiin at mga alalahanin ay isinama sa lahat ng antas ng organisasyon sa pamamagitan ng pagbuo ng patakaran, pagpaplano, paggawa ng desisyon, paghahatid ng serbisyo at pagsusuri.
- Pagbutihin ang mga proseso ng pakikipag-ugnayan upang ang mga tao at mga komunidad ay may sapat na kaalaman at kayang humubog ng tunay na makapagpabago ng kanilang kinabukasan.
- Tulungan at bigyan ng kakayahan ang mga komunidad na tumugon sa mga epekto ng pagbabago ng klima at sa mga di inaasahang pangyayari, lalo ang mga komunidad na mahina at kulang sa representasyon.



# Te Pou **Mga haligi**

## Te Pou Tuatahi: Te Tāngata
## Ika-1 Haligi: Mga Tao

**Aktibong pagsusulong ng isang kulturang walang kinikilingan sa pamamagitan ng pagpapahalaga ng pagkakaiba-iba at paunlarin ang pagkakasama-sama ng buong komunidad at mga henerasyon.**

**Layunin 1.1:** Bumuo at pagandahin ang relasyon sa tangata whenua sa pamamagitan ng mana whenua at Te Hononga.

**Layunin 1.2:** Bumuo, pagyamanin at palakasin ang relasyon sa mga komunidad sa Pasipiko.

**Layunin 1.3:** Patuloy na bumuo batay sa mga relasyon at tagumpay na pinalawak ng mga iba't ibang etniko at pamayanang multikultural sa pamamagitan ng Istratehiyang Multikultural – Ang Ating Magkasamang Kinabukasan.

**Layunin 1.4:** Gamitin ang lakas ng magkakaiba-ibang komunidad at tumugon sa mga isyu ng lipunan na naglalaktaw.

**Layunin 1.5:** Suportahan ang mga grupong nagbibigay daan sa sining, kultura, pamana, libangan, at sa nagmamalasakit sa kapaligiran.

**Layunin 1.6:** Mapadali at itaguyod ang mga panghabang-buhay na pagkakataon para sa lahat na matuto.

**Layunin 1.7**: Magtrabaho kasama ang iba para mabawasan ang kalungkutan at pag-iisa sa lipunan, na bibigyang-diin ang ugnayang ng henerasyon.

## Te Pou Tuarua: Te Whenua
## Ika-2 Haligi: Lugar

**Suportahan at tumulong sa pagbuo ng mga koneksyon sa mga komunidad para pagyamanin ang lokal na katangian, pinagsamang karanasan at pangangasiwa.**

**Layunin 2.1:** Himukin ang mga komunidad na lumikha at mapanatili ang lokal na katangian at pagmamay-aari.

**Layunin 2.2:** Magtrabaho kasama ang bago at mga nag-iibang komunidad sa mga lalawigan at lungsod para magkaroon ng kabilang na pakiramdam.

**Layunin 2.3:** Suportahan ang pagsasa-aktibo ng komunudad at kaitiakitanga ng mga publikong lugar at pook.

## Te Pou Tuatoru: Te Mahi
## Ika-3 Haligi: Pakikilahok

**Ang mga residente at mga grupo sa mas malawak na komunidad ay hayagan at aktibong nakikibahagi at kayang simulan at makapagpabago ng mga desisyong makaka-apekto sa kanilang buhay.**

**Layunin 3.1:** Bigyan ng kapangyarihan at ihanda ang mga residente at grupo na lumahok sa paggawa ng desisyon na makaka-apekto sa kanilang komunidad at kapit-bahayan.

**Layunin 3.2:** Palawakin ang pangkalahatang pang-unawa sa mga proseso sa pagdedesisyon ng Konseho at suportahan ang mga tao na ipahayag ang nais nilang sabihin. Nais namin na lumahok ang mas marami sa pagdedesisyon at maramdaman nilang ang kanilang pananaw ay pinapakinggan.

**Layunin 3.3:** Magbigay ng wastong suporta at payo sa mga tauhan at mga nahalal na myembro para sa epektibong pagdedesisyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad.

**Layunin 3.4:** Dagdagan ang pagkakataong magboluntaryo sa buong Konseho at mas malawak na komunidad at suportahan ang mga organisasyon na nagbibigay ng ganitong pagkakataon.

## Te Pou Tuawhā: Te Takatū
## Ika-4 na Haligi:Pagiging Handa

**Ang mga tao na ligtas sa kanilang komunidad at kapitbahayan at gumagawa ng sama-sama para unawain, umagapay at umunlad kaugnay ng pagbabago at kaguluhan.**

**Layunin 4.1:** Magtrabaho kasama ang mga komunidad para paghandaan at tumugon sa mga emerhensya, at dagdagan rin ang pag-akma sa klima at angkop na pagkilos.

**Layunin 4.2:** Suportahan ang kakayahan ng komunidad at boluntaryong sektor na magplano, umagapay at tumugon sa panganib, paggambala at pagbabago.

**Layunin 4.3:** Suportahan ang kapitbahayan at mga panukala sa buong lungsod na naglalayong palakasin ang pagkakapit-bahayan.

# Whakatinanatanga **Pagpapatupad:**

Ang pagpapatupad ng istratehiyang ito ay gagawin ng buong Konseho. Layunin nito na makapagpabago ng kahahantungan ng komunidad, at kadalasang mangangahulugan ng pagtratrabaho sa kumplikadong mga relasyon at pagtutulungan. Hindi kami kumikilos ng mag-isa, at umaasa sa tambalan at pagtutulungan sa mga pangunahing mga tao o samahang maaapektuhan, at mga komunidad sa buong organisasyon at lungsod.

## Paano natin masusubaybayan ang ating pag-unlad?

Ating susukatin ang taunang nagawa batay sa mga layunin ng istratehiya, gamit ang pinaghalong datos at mga kwento para ipakita ang mga resulta. Tayo rin ay magtatatag ng isang pangkat mula sa iba't ibang Konseho na magpapatupad:

- Maglahad sa mga kinauukulang komite at mga grupo para ipakita kung paanong natamo ang ating mga hangarin at layunin.
- Maglahad sa Konseho ng mga ulat ng lupon ng komunidad tuwing ikalawang buwan na nagsasaad ng mga kwento ng lokal na pag-unlad.
- Gumawa ng pahayagang pang-komunidad para ibahagi ang mga ginagawa at bigyan ng diin ang mga tagumpay.
- Subaybayan ang nakalap na datos kaugnay ng mga layunin ng istratehiya.
- Subaybayan ang mga napagkasunduang gagawin kasama ang Komunidad at Publikong Pangkalusugan at Kapaligirang ng Canterbury sa magkasanib na plano sa Lahat ng Patakaran sa Kalusugan.
- Hikayatin ang pag-uulat ang pagkukwento ng komunidad para ibahagi ang pinakamabuting pamamaraan at bigyan diin ang epekto sa lipunan.
- Gumawa ng taunang pagrebisa ng plano ng pagpapatupad kasama na rito ang ulat sa pondong ibinigay sa komunidad.
- Rebisahin ang plano ng pagpapatupad sa 2027.





# Te Haumako; Te Whitingia Istratehiya sa Sama-samang Pagpapalakas ng mga Komunidad

## Pangkalahatang kasulatan

Para sa buong ulat ng istratehiya, pumunta sa:

**ccc.govt.nz**

Christchurch City Council